



Araw ng Bundok 8/11

# Koho Yaizu

## Pahayagan ng Yaizu

**Agosto** (８月 Hachi gatsu) / 2026 (令和 ８年 Reiwa 8 nen) / ¥０

Yaizu City Hall (Yaizu Shiyakusho)
Seksyon ng Promosyon sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka)
〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3F
TEL: 054-626-2191 https://www.city.yaizu.lg.jp



Bersyon sa Tagalog

**Iskedyul ng Interpreter**

**【Munisipyo Main Building】** English:Lunes,Myerkules,Biyernes 9:00am~3:00pm
Tagalog/Bisaya/Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes 9:00am~4:30pm
Spanish:Lunes,Miyerkules~Biyernes 9:00am~4:30pm **※Walang Interpreter: 12noon~1:00pm.**
**【Oigawa Building】** Portuguese: **Agosto 6 & 20**(Una at Ikatlong Huwebes) 9:30am~11:30am/
Tagalog・Bisaya: **Agosto 13 & 27** (Ikalawa at Ikaapat na Huwebes) 9:30am~11:30am

## ■Pagsasanay ng sabay-sabay na paghahatid ng Impormasyong pang-emerhensiya sa Buong bansa ■

**Zenkoku issei joho dentatsu shaken**

Kapag nagkaroon ng lindol, tsunami o pag-atake mula sa labas ng Japan, ang impormasyong pang-emergenhensiya na mula sa bansa ay iaanunsyo sa pamamagitan ng wireless radio broadcast. Bilang paghahanda, magsasagawa ng pagsasanay sa paghahatid ng impormasyon gamit ang mga wireless radio broadcast. (Ito ay broadcast drill lamang.)



**【Nilalaman ng Broadcast】**“♪Chime”→“Kore wa, J-arato no tesuto desu (x3)”→
“Kochirawa wa,Koho Yaizu desu” →“♪Chime”

**【Petsa (Araw)・Oras】Agosto 26 (Miyerkules) Bandang 11:00am**

**【Para sa katanungan】**Dibisyon ng Pagplano sa Prebensyon ng Kalamidad (Bousai Seisaku-ka) ☎054-625-0128

## ■Pangkalahatang Pagsasanay sa Gabi para sa Paghahanda sa Sakuna Yaizu City “Sonae Night Dri ll”■



**Yaizu-shi sogo bosai Kunren「Sonae Naito Kunren」**

Magsasagawa ang Yaizu city ng pangkalahatang pagsasanay sa paghahanda ng sakuna bilang paghahanda sa mga sitwasyon tulad ng malakas na lindol na maaaring biglang mangyari sa gabi at magdulot ito ng pagguho ng lupa o bangin, tsunami at iba pang sakuna at iba pa. Upang maprotektahan ang iyong sarili at pamilya mula sa lindol, mahalagang laging maging handa sa lahat ng oras、Hinihikayat namin kayong makilahok ng pagsasanay para sa paghahanda sa sakuna sa inyong komunidad.

Isulat ang impormasyon ng iyong pamilya sa “**Family Safety Confirmation Card** (Para sa Pagsasanay) (***Wagaya no Anpi Kado*** (*Kunren yo*))”at isumite ito sa itinakdang Safety Confirmation Area(*Anpi Kakunin Basho*).



**【Petsa(Araw)・Oras】**Agosto 29 (Sabado), 7:00pm hanggang 8:30pm

※Sa mismong araw , bandang 5:00pm magkakaroon ng paunang anunsyo bago magsimula ang pagsasanay sa loob ng Yaizu City.

**【Sakop na lugar】**Lahat ng sakop ng komunidad ng Lungsod

**【Para sa katanungan】**Community Disaster Prevention Division (Chiki Bosai-Ka) ☎054-623-2554




わが家の安否確認カード（訓練用）
家族・世帯の総人数 人
安否不明の家族 人
安否確認できた人
大人 人
高校生 人
中学生 人
小学生 人
未就学児 人
安否不明の家族について
名前 | 性別 | 年齢 | その他伝えたい情報

↑Halimbawa ng Family Confirmation Card (para sa pagsasanay)

## ■Pagsusumite ng Current Status Report(Genkyo Todoke) para sa Child Rearing Allowance ng mga Single-Parent Family ■Jido fuyo teate genkyotodoke

Ang mga Single-Parent Families na tumatanggap ng **Child Rearing Allowance**(*Jido Fuyo Teate*) ay kinakailangang magsumite ng **Current Status Report**(*Genkyo Todoke*).
Kapag hindi ito naisumite, hindi makakatanggap ng allowance simula bayad para sa Nobyembre.
Ang abiso ay ipinadala sa mga kwalipikadong tatanggap noong huling mga araw ng Hulyo.



**【Huling araw ng pagsusumite】Agosto 31** (Monday)

**【Lugar ng pagsusumite】**Child-Rearing Support Division(Kosodate Shien-Ka)
(Munisipyo Main Building, 2nd Floor, Counter No.8),Oigawa Service Center(Oigawa Building 1st Floor)

**【Para sa katanungan】**Child-Rearing Support Division(Kosodate Shien-Ka)☎054-626-1137 mangyaring magtanong para sa karagdagang detalye.

## ■Pagdeposito ng Child Allowance Jido teate no furikomi■

Sa **Agosto 14(Biyernes),** ay araw ng pagdeposito ng Child Allowance(*jido teate*).Ang allowance para sa Hunyo hanggang Hulyo 2026 ay idedeposito sa bank account na itinalaga ng tatanggap

**【Para sa katanungan】**Child-Rearing Support Division (*Kosodate Shien-Ka*) ☎054-626-1137



## ■Pagsisimula ng Serbisyo ng Komunidad para sa Kaligtasan at Pagbabantay sa mga Bata**Chiiki de sasaeru kodomo no mimamori sabisu**■



Sa Yaizu City, magsisimula ang serbisyo para sa kaligtasan at pagbabantay sa mga batang nasa elementarya gamit ang **Safety Monitoring Device** (*mimamori tanmatsu*).Ang serbisyong ito ay para sa mga batang nag-aaral sa pampublikong elementarya ng lungsod na gustong gumamit nito.Kapag nakapag-apply ang **Magulang o Guardian**, makakatanggap ang bata ng monitoring device mula sa pinapasukang elementary school.
(**Isang device para sa bawat bata**)
Maglalagay ng「**Safety Monitoring Spots(*mimamori supotto*)**」sa mga paaralan na sakop ng lungsod, sa mga tindahan na nasa ruta papunta at pauwi ng paaralan , at iba pang lokasyon ng Yaizu City. Kapag ang batang may dalang monitoring device ay dumaan malapit sa rehistradong Safety Monitoring Spot(*mimamori supotto*), o nakasalubong ang isang **Safety Monitoring Volunteer (*mimamori-bito*)**, ay maitatala ang impormasyon ng lokasyon ng bata.

Magparehistro bilang **Safety Monitoring Volunteer**(*mimamori-bito*) sa komunidad

Kapag in-install ninyo ang smartphone-app na
「**Otta Safety Monitoring Volunteer App (*otta mimamori-bito apuri*)**」,
Maaari kayong maging **Safety Monitoring Volunteer**(*mimamori-bito*) ng komunidad.
※Para maprotektahan ang privacy at seguridad ng mga bata, ang sistema ay ginawa na hindi makikita ng lungsod, paaralan o mga gumagamit ng safety monitoring app ang mga personal na impormasyon ng mga bata (tulad ng kanilang lokasyon at pangalan).



Safety Monitoring Volunteer App
(*mimamori-bito apuri*)

Safety Monitoring Device
(*mimamori tanmatsu*)



Mangyaring magtanong para sa karagdagang detalye.
**WEBSITE**：https://www.city.yaizu.lg.jp/child-edu/youth/kyoiku/kids-mimamori.html

**【Mapagtatanungan】**
Smart City Division (Smart City-Ka)☎054-625-8158
Child Support Division(Kodomo Shien-Ka
☎054-625-8159




## ■Para sa mga sakop ng Medical Care System para sa mga Senior Citizen na nasa edad 75 pataas(koki koreisha iryo seido)■**koki koreisha iryo seido taishosha no minasan e**

Sa unang mga araw ng **Agosto** ipapadala ang "**Abiso ng napagpasyahang halaga ng bayad para sa Insurance**(*Hokenryo-gaku kettei tsuchisho*)" para sa **fiscal year 2026** (Abril 2026~Marso 2027).Kapag natanggap ninyo ang notice, mangyaring i-check ang nakasulat na impormasyon, tulad ng pangalan , tirahan, halaga ng Insurance, at deadline ng pagbabayad.

**【Mga papadalhan】**Mga taong 75 taong gulang pataas ,at mga taong may edad 65 taong gulang na opisyal na kinikilalang may partikular na kapansanan

**【Mapagtatanungan】**National Health Insurance & Pension Division(Hokennenkin-ka) ☎054-626-2164

## ■Para sa lahat ng 65 taong gulang pataas■ **65 sai ijo no minasan e**

Sa unang mg araw ng **Agosto**, ipapadala "**Abiso sa napagpasyahang halaga ng bayad para sa Long-Term Care Insurance(*Kaigo Hokenryo-gaku tsuchisho*)**".Kapag natanggap ninyo ang notice, mangyaring i-check ang nakasulat na impormasyon, tulad ng pangalan , tirahan, halaga ng Insurance, at deadline ng pagbabayad.
Ang binabayaran ng lahat na insurance premium ay ginagamit bilang pondo para sa long-term care service(*kaigo sabisu*).

**【Mga papadalhan】**Mga taong 65 taong gulang pataas

**【Paraan ng pagbabayad】** **Regular Collection**(Futsuchoshu) Bank Transfer o magbayad gamit ang payment slip ,
**Special Collection**(Tokubetsuchoshu) binabawas mula sa pension

**【Mapagtatanungan】**Long-Term Care Insurance Division(Kaigo Hoken-ka) ☎054-626-1159

## ■Pagbabayad ng City Tax **Shizei no nofu**■

**Setyembre 7(Lunes)** ang huling araw ng pagbabayad sa Residence Tax (Shikenminzei) 2nd term at national health Insurance Tax 2nd term(Kokumin Kenko Hokenzei).
Pwede ito bayaran sa bangko,convenience store at mobile payment apps at iba pa.
https://www.city.yaizu.lg.jp/life/tax/payment/payment/index.html
【Mapagtatanungan】 Tax Payment Collection Division (Nozei Sokushin-ka) ☏054-626-2147

Naghahanap Kami ng mga Kalahok!

## ■「Panimulang Klase sa Japanese」Hajimeteno Nihongo kyoshitsu■

Sa“**Panimulang Klase sa Japanese** (Hajimete no Nihonggo Kyoshitsu )”ay matututo ka ng wikang hapon habang nakikipag-usap sa mga hapon na nakatira sa inyong komunidad.May mga taong nakakaunawa sa iyong sariling wika na tutulong sa komunikasyon.

May dalawang klase :“**Beginner Class(Nyumon Class)**”ay para sa mga halos hindi pa nakakaintindi ng wikang hapon at “**Introductory Class(Shokyu Class)**”naman ay para sa mga nakakaintindi ng kaunti ng wikang hapon.

Halina’t sama-sama tayong matuto ng wikang hapon!



**Petsa(Araw) at Oras**：Tuwing Linggo ng Setyembre～Nobyembre
9:30am～11:30 am(May kabuuang 10 classes)

**Lugar**：Mga Community Exchange Center(*Chiki Koryu Senta*) na sakop ng Yaizu
(dating *Kominkan* ) o sa Munisipyo (*Yaizushiyakusho*)

Para sa Application Form ↑

**Bayad**：￥0(Libre)

**Bilang ng tatanggapin**：「**Beginner Class** (Nyumon Class)」20 katao at「**Introductory Class**(Shokyu Class)」20 katao


**Panahon ng aplikasyon**：hanggang sa Agosto 12(Miyerkules) URL：https://logoform.jp/form/tWbQ/1560184

**Mapagtatanungan：Seksyon sa promosyon sa pakikipagtulungan(Kyodo suishin-ka) ☎054-626-2191**

## ■Multa sa Paglabag sa mga Patakaran sa pagbibisikleta Jitensha no ruru ihan ni bakkin ■

Simula **Abril 1,2026**, nagging mas mahigpit ang parusa para sa paglabag sa mga patakaran sa pagbibisikleta at mapanganib na pagmamaneho.Kapag hindi sumunod sa patakaran sa trapiko,maaaring pagmultahin.

(Ang halagang nakasulat sa loob ng □ na nasa ibabang bahagi ng larawan ay ang halaga ng multa.)




**【Mga sakop na edad】**Mga taong **16 taong gulang** pataas.

**【Mga sakop na Paglabag】**

※Mga nakasulat sa ibaba ay mga ilan lamang sa mga paglabag sa mga patakaran

・Pagbibisikleta habang may hawak na smartphone o iba pang device, at pakikipag-usap o pagtingin sa screen.
・Pagbibisikleta habang may hawak na payong.
・Pagbibisikleta habang naka-earphones o headphones.
・Pagbibisikleta nang magkatabi sa daan
・Dalawang tao ang nakasakay sa bisikleta(may angkas).
・Hindi paghinto sa lugar na kailangang huminto(pagsuway sa STOP SIGN)

**【Mapagtatanungan】**Yaizu Police Station Traffic Division (*Yaizu Keisatsusho Koutsu-ka*) ☎054-624-0110
Safety & Security Division (Kurashi Anzen-ka) ☎054-626-1131

## ■Mag-ingat ! Madalas ang pagkakaroon ng Food Poisoning sa Tag-init ! ■

**shokuchudoku kiwotsukete**

●Mahalaga ang「**Paghuhugas ng Kamay(te arai)**」upang maiwasan ang **food poisoning**(*shokuchudoku*) at mga **nakakahawang sakit**(*kansenshouyobo*).

**Siguraduhing hugasan ng mabuti ang kamay sa mga sumusunod na pagkakataon.**

①Pagkauwi galing sa labas.
②Bago at Pagkatapos Kumain.
③Pagkatapos gumamit ng Toilet.
④Bago at Pagkatapos Magluto.
⑤Pagkatapos maglinis ng dumi galing sa pag-aalaga ng bata, matatanda at iba pa.
⑥Pagkatapos maglinis ng sinukaan.





●Siguraduhing maluto ng mabuti ang karne bago kainin.
●Mangyaring komunsulta muna sa Public Health Center kung may planong magbigay o maghain ng pagkain sa Festival(*Matsuri*),Event(*Ibento*) o Iba pang pagtitipon.

**Mapagtatanungan**：Shizuoka Prefecture Chubu Public Health Center(*Kenchubu Hokenjo*)
Environmental Health & Pharmaceutical Affairs Division (*Eiseiyakumu-Ka*) ☎054-644-9283

## ■Libreng Konsultasyon (Muryo sodan)■ ※May pagkakataon na biglang walang serbisyo

| Nilalaman ng Konsultasyon | Petsa(Araw/Oras) | Mapagtatanungan | Mga Detalye |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon tungkol sa pagbabayad ng buwis<br>【Agosto】 | 【Lunes～Biyernes】<br>8:30am～12:00noon /1:00pm～5:15pm<br>【Konsultasyon sa Gabi(Huwebes)】<br>←Walang Interpreter.<br>Agosto 6,13,20,27 5:15pm～7:00pm<br>【 Konsultasyon sa Linggo 】<br>Agosto 23 9:00am～12:00noon | Yaizu City Hall<br>Tax Collection Division<br>(Yaizu Shiyakusho<br>Nozei Sokushinka)<br>☎054-626-1140<br>☎054-626-2148 | Kung hindi kayang bayaran ang buwis bago ang deadline,magpunta at kumunsulta.<br>※May interpreter tuwing linggo:<br>Tagalog,Bisaya,English, at Portuguese . |
| VISA | 【Lunes～Biyernes】<br>8:30am～5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga residenteng dayuhan(Nagoya)<br>☎0570-013904 | Mga usapin tungkol sa Proseso ng pananatili o visa atbp.<br>(English,Korean,Chinese,Spanish atbp.) |

## ■ Mga Ospital at Botika na bukas tuwing Linggo at Holiday(Agosto)■



※May pagkakataon na magbago.

【Oras:8:30am-5:00pm (Ang may marka na ☆ ay 9:00am-5:00pm) Dentista 9:00am-3:00pm】

**【Agosto 2 (Linggo)】**

**NAI-KA(I M)** Hatakeyama clinic (Higashikogawa 8) ☎ 621-5971 **SHONI-KA(Pediatric)** Sone shonika (Gokahorinouchi) ☎ 620-8814
**GE-KA(E M/Surgery)** Shida kinen noshinkeigeka (Oyaizu) ☎ 620-3717 **SHI-KA(Dentistry)** Nakagawa shika iin (Shiotsu) ☎ 628-2318
**YAKKYOKU(Pharmacy)** Yunisumairu yakkyoku Kogawa-ten(Higashikogawa8) ☎ 671-1701, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☎ 639-6277, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎ 621-4606

**【Agosto 9 (Linggo)】**

**NAI-KA(I M)** Tachibana clinic (Gokahorinouchi) ☎ 620-9191 **SHONI-KA(Pediatric)** Koga clinic (Daikakuji 2) ☎ 631-7289 **GE-KA(E M/Surgery)** Otomi Riumachi seikeigeka (Nakashinden) ☎ 656-2221 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Yaizu 6 chome jibi inkoka (Yaizu 6) ☎ 620-6001
**SHI-KA(Dentistry)** Fukazawa shika (Sakamoto) ☎ 626-7111 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Family yakkyoku (Gokahorinouchi) ☎ 621-7200, Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎ 629-3789, Wakakusa yakkyoku Otomi-ten (Nakashinden) ☎ 623-3939, Subaru yakkyoku (Yaizu 6) ☎ 627-2831

**【Agosto 11 (Martes/Public Holiday)】**

**NAI-KA(I M)** Koishikawa naika clinic (Sakaemachi 1) ☎ 621-1111, Iwata clinic☆ (Munadaka) ☎ 662-2311 **SHONI-KA(Pediatric)** Koido clinic (Yaizu 4) ☎ 627-0339 **GE-KA(E M/Surgery)** Hara seikei geka clinic (Oyaizu) ☎ 620-8772 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Tanaka jibika (Oyaizu) ☎ 621-5888 **SHI-KA(Dentistry)** Sakai shika iin (Ishizumukaicho) ☎ 624-7722 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Sakae yakkyoku (Sakaemachi 2) ☎ 631-6090, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎ 621-4606, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☎ 620-7500, Aozora yakkyoku (Munadaka) ☎ 664-0277

**【Agosto 16 (Linggo)】**




**NAI-KA (I M)/ SHONI-KA(Pediatric)** Ishikawa iin (Tajiri) ☎ 624-4321 **NAI-KA(I M)/ GE-KA(E M/Surgery)** Community hospital koga byoin (Daikakuji 2) ☎ 628-5500 **GAN-KA(Ophthalmology)** Yaizu ekimae ganka(Ekikita1) ☎ 626-8240
**SHI-KA(Dentistry)** Family shika iin (Soemon) ☎ 623-0538 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎ 629-3789, Yunisumairu yakkyoku Tajiri-ten(Tajiri) ☎ 656-2233

**【Agosto 23 (Linggo)】**

**NAI-K A(I M)** Yamashita naika iin (Honmachi 2) ☎ 628-2733 **NAI-KA(I M) / SHONI-KA(Pediatric)** Shinohara iin (Honmachi 5) ☎ 628-3070
**GE-KA(E M/Surgery)** Yaizu ekimae seikei geka riumachi rihabiri clinic (Nakaminato 1) ☎ 621-5511 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Amano jibi inkoka clinic☆ (Fujieda-shi Tanaka 3) ☎ 646-3313 **SHI-KA(Dentistry)** Nagata shika iin (Honmachi 1) ☎ 629-3131
**YAKKYOKU(Pharmacy)** Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☎ 621-3771, Tokyo yakkyoku (Sakaemachi 3) ☎628-2370

**【Agosto 30 (Linggo)】**

**NAI-K A(I M)** Fukumura clinic (Daieicho 2) ☎ 627-1228, Yokoyama shokaki naika☆ (Shimokosugi) ☎ 622-0045 **SHONI-KA(Pediatric)** Nakagami iin (Nakashinden) ☎ 623-0805 **GE-KA(E M/Surgery)** Okubo iin (kamikosugi) ☎ 622-2500 **SHI-KA(Dentistry)** Yagi shika miwa clinic (Miwa) ☎ 623-1177 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☎ 629-8862, Friend yakkyoku (Nakashinden) ☎ 624-9390, My yakkyoku (Kamikosugi) ☎ 662-1677, Shimokosugi yakkyoku (Shimokosugi) ☎ 664-2151

## ■Mga Ospital na bukas sa gabi (Yakan Shinryo Iryo Kikan)■

**Lugar:** Sentro ng Pang-emerhensiyang medikal ng komunidad ng Shida･Haibara(**Shida･Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta**)
(Fujieda Shi Setoaraya 362-1) ☎054-644-0099 **Departamento**: NAI-KA(*Internal Medicine*),**SHONI-KA**(*Pediatrics*)
**Oras**: Lunes~Biyernes : 7:30pm~10:00pm / Sabado at Linggo: 7:30pm ~ 7:00am ng kinaumagahan)
※Sa mga sumusunod na petsa(Araw), ang pediatrics lamang ang bukas pagkalipas ng alas-10:00 pm.
＜**Agosto 1** (Sabado),**Agosto 9**(Linggo),**Agosto15**(Sabado),**Agosto 23** (Linggo),**Agosto 29**(Sabado),**Setyembre 5** (Sabado)＞

**Mga dadalhin**:
●Kahit isa alinman sa **Mynu-insurance**(***Maina Hokensho***) o Sertipiko ng patunay ng kwalipikasyon (***Shikaku Kakuninsho***),
●Sertipiko ng benipisyo sa gastusing medikal ng bata(***Kodomo Iryohi Jukyushasho***), Maternity HandBook (***Boshi Techo***) atbp.,
●Handbook ng mga iniinom na Gamot(***Okusuri Techo***)